Pagpupulong para sa Iba't ibang Uri ng Kaso sa Proteksyon sa Bata na Pinaghihinalaang Minamaltrato
-- Paalala sa Mga Bata at Kabataan

Lahat ng bata ay nararapat na lumaking malusog na may wastong pangangalaga sa pisikal, sikolohikal at emosyonal. Dapat silang protektahan laban sa pananakit at pagsasamantala. Gayunpaman, kung ang pisikal/sikolohikal na kalusugan at pag-unlad ng isang bata ay nasa panganib o mahina, ang lahat ng mga kawani na maaaring makipag-ugnay sa bata ay may pananagutan na gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang maprotektahan ang kaligtasan ng bata at pangalagaan ang kanyang kapakanan kahit sino pa man ang may sala.

Ano ang Pagpupulong para sa Iba't ibang Uri ng Kaso sa Proteksyon sa Bata na Pinaghihinalaang Minamaltrato

Kapag pinaghihinalaan na ang isang bata ay sinasaktan, ang mga manggagawang panlipunan, guro, doktor o pulisya, atbp. ay makikipagkita sa bata at sa kanyang pamilya. Makikipag-ugnay din sila sa iba pang indibidwal na nakakakilala sa bata at sa pamilya para maunawaan ang sitwasyon ng pamilya. Minsan, susuriin din ng doktor ang katawan ng bata.

Pagkatapos, ang mga kawani na ito ay magsasagawa ng pagpupulong para sa iba't ibang uri ng kaso. Ang layunin ng pagpupulong ay HINDI para talakayin kung ang sinoman ay dapat maparusahan, kundi hayaan ang mga propesyonal na nagmamalasakit sa bata na magpalitan ng mga impormasyon at talakayin kung paano matutulungan ang bata na tumira sa isang ligtas na kapaligiran na hindi na muling masasaktan pa. Tatalakayin din nila kung paano matutulungan ang kanyang mga kaanak na malampasan ang mga problema upang sa huli ay makapagbigay ng wastong pangangalaga at gabay para sa bata. Ang lahat ng mga detalye na tinalakay sa pagpupulong ay panatilihing kumpidensyal at hindi ibubunyag sa sinuman na hindi dapat makaalam.

Paano isasagawa ang pagpupulong?

Ang mga propesyonal na dumadalo sa pagpupulong ay mag-uulat ng impormasyon na nakuha pati na rin ang kanilang kaalamanan tungkol sa bata at ang pamilya, at pagkatapos ay tatalakayin ang sumusunod:

- Ano ang (mga) isyu o (mga) insidente na nangyayari/nangyari na sa bata?
- Ano ang panganib at kalubhaan ng pananakit sa bata at/o sa kanyang (mga) kapatid sa hinaharap.
- Ano ang mga kaayusan na pwedeng gawin para protektahan ang kaligtasan ng bata at maingatan kung ano ang makakabuti sa kanya? Halimbawa:
  - Kailangan bang magkaroon ng alternatibong kaayusan ng tirahan o pangangalaga para sa bata at/o ibang mga miyembro ng pamilya?
  - Kailangan bang humiling ng utos mula sa Korte para sa pag-aalaga o mga kaayusan ng proteksyon ng bata at/o kanyang (mga) kapatid?
  - Kailangan ba ng bata at ng iba pang miyembro ng pamilya ng iba pang serbisyo, tulad ng kaayusan sa pag-aaral, pisikal at sikolohikal na paggamot, atbp?
- Ang mga impormasyon ba ng bata at/o ng kanyang (mga) kapatid ay mairerehistro sa Rehistro ng Proteksyon ng Bata. Talaan ng mga Batang nangangailangan ng Proteksyon ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan?
- Anong (mga) yunit ng serbisyo at iba pang mga propesyonal ang magbibigay ng mga serbisyo para sa bata at sa kanyang pamilya?

Pwede bang dumalo ang mga magulang o ang bata sa pagpupulong?

Karaniwang inaanyayahan ng manggagawang panlipunan ang mga magulang na dumalo sa pagpupulong upang pag-usapan ang mga bagay tungkol sa bata at sa pamilya. Ngunit kung minsan hindi angkop na gawin ito dahil sa mga espesyal na mga kadahilanan.

Kung kinakailangan, aanyayahan din ng manggagawang panlipunan ang isang mas may edad na bata para dumalo sa pagpupulong. Gayunpaman, ang isang mas nakababatang bata ay karaniwang hindi inanyayahan dahil maaring hindi niya maiintindihan ang tinatalakay.

Kung ang mga magulang o ang bata man ay dumalo sa pagpupulong o hindi,

tatalakayin sa kanila ng manggagawang panlipunan ang mga kaayusan sa hinaharap para sa bata at pamilya bago ang pagpupulong, halimbawa, kung saan titira ang bata, sino ang mag-aalaga sa bata, kung nangangailangan sila ng tulong mula sa ibang tao, atbp. Ang manggagawang panlipunan ay makikinig sa kanilang mga pananaw at iuulat ang mga ito sa pagpupulong para malaman ng iba at maisaalang-alang.

Kung ang mga magulang o ang bata ay nakadalo/hindi pa nakadalo sa pagpupulong, ang manggagawang panlipunan ay, pagkatapos ng pagpupulong, ipapaliwanag sa mga magulang ang mga desisyon at pananaw ng pagpupulong. Ipapaliwanag din niya sa bata kung kinakailangan sa paraan na maiintindihan ng bata. Kung ang bata ay may anumang katanungan o alalahanin, maaari niyang sabihin sa manggagawang panlipunan anumang oras at talakayin kung paano makakayanan ito.

Paano magagampanan ng bata ang kanyang parte kung dadalo siya sa pagpupulong?

Bago ang pagpupulong, malinaw na ipapaliwanag ng Pinuno o ng manggagawang panlipunan sa bata ang mga layunin ng pagpupulong, ang mga kalahok na miyembro at mga pamamaraan ng pagpupulong, atbp. Sa pagpupulong, ang bata ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanyang pamilya at magpahayag ng opinyon tungkol sa plano sa pangangalaga o iba pang mga kaayusan na inirerekomenda ng mga miyembro. Maaaring tanungin ng bata ang Pinuno o mga miyembro na ipaliwanag ang anumang hindi niya maintindihan.

Ano ang mga kaayusan pagkatapos ng pagpupulong?

Ang pagpupulong ang tutukoy sa manggagawang panlipunan kung saan magmumula ang yunit ng serbisyo na mag-asikaso sa kaso. Ang may pananagutan na manggagawang panlipunan at iba pang mga propesyonal ay magtatagpo at makikipag-usap sa bata at sa kanyang pamilya, at ipapatupad ang plano sa pangangalaga at iba pang kaayusan na inirerekomenda ng pagpupulong. Maaaring sabihin ng bata sa kanila ang tungkol sa kanyang mga pananaw, sitwasyon o kahit na pag-aalala para sa isang talakayan kung paano matugunan ang mga isyung ito.